



---

## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Pebrero 27, 2017

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson - 415.749.4900

## Magbubukas ang may pahintulot na panahon ng pagsusunog para sa mga pagsusunog para pamahalaan ang latian

**SAN FRANCISCO** - Inaanunsoy ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ang panahon ng bukas na pagsunog para sa mga pagsusunog para pamahalaan ang latian na magsisimula sa Huwebes, Marso 1.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District (Distrito ng Hangin), ang pinahihintulatang mga araw ng PAGESUSUNOG ay hindi idedeklara kapag hindi maganda ang kalidad ng hangin at pinairal ang *Alerto na Iligtas ang Hangin (Spare the Air Alert)*.

Nagtatakda ng mga pagsusunog para pamahalaan ang latian para sa layunin ng pagpapaganda ng latian para sa tirahan ng mga mababangis na hayop. Ang panahon ng bukas na pagsusunog para pamahalaan ang latian ay magaganap mula Marso 1 hanggang Abril 15. Ang lahat ng pagsusunog para pamahalaan ang latian ay dapat ituring na kinakailangan ng Kagawaran ng Isda at Mababangis na Hayop ng California. Walang pahihintulatang pagsusunog sa anumang piraso ng lupa nang mahigit sa isang beses sa anumang dalawang taong panahon, at hindi maaaring magsunog ng hihigit sa 100 ektarya ng anumang ari-arian sa isang araw. Bago ang pagsusunog, ang mga pagsusunog para pamahalaan ang latian ay nangangailangan ng Plano sa Pamamahala ng Usok na inaprubahan ng Air District, pagbabayad ng singil para sa pagsasagawa ng bukas na pagsunog batay sa iminungkahing ektarya na dapat sunugin at pagtanggap ng nakalaang gagastusin para sa araw-araw na pagsusunog ng ektarya mula sa Air District.

Ang mga nagsusunog ng latian ay dapat tumawag sa 415-749-4915 bago ang ala-12 ng tanghali bago ang araw ng pagsunog at mag-iwan ng mensahe kasama ang pangalan ng ari-arian at dami ng ektarya na dapat sunugin. Karagdagan ito sa dati nang kinakailangan na dapat tumawag ang mga nagsusunog sa 415-749-4600 sa pagitan ng 8:30 at 11:30 a.m. sa umaga ng nakaplanog pagsunog bago simulan ang pagsunog upang matanggap ang kanilang nakalaang gagastusin para sa ektarya, batay sa taya ng panahon sa araw na iyon.

Hindi pinahihintulutan ang mga pagsusunog na ito bago ang 10 a.m. o pagkatapos ng 3 p.m. Hindi dapat magdagdag ng materyal ang nagsusunog sa dati nang sinunog o hayaan ang apoy sa harapan ng dati nang sinunog pagkatapos ng 3 p.m. Ang susunod na panahon ng pagsusunog para sa pamamahala ng latian ay gaganapin mula Setyembre 1 hanggang Oktubre 15, 2018.

Ang mga inaasahang magsusunog ay dapat magtanong sa kanilang mga lokal na ahensiya ng sunog o CAL FIRE para sa pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad. Ang ilang sunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Ang bawat araw ng taon ay itinalaga bilang alinman sa araw ng PAGESUSUNOG o araw na HINDI MAGSUSUNOG, at ang mga pinahihintulatang pagsusunog ay maaari lang itakda sa panahon ng kanilang it itinatag na panahon ng pagsusunog sa itinalagang araw ng PAGESUSUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: [www.baaqmd.gov/rules](http://www.baaqmd.gov/rules). Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Distrito ng Hangin sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Opisina ng Air District para sa Mga Pakikipag-ugnayan*  
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)